



Australian Government
Department of Health

Pagluluwag ng mga Paghihigpit

Nagtagumpay ang Australya na ‘pababain ang bilang ng may sakit’ (flattened the curve) at ang bilang ng mga bagong kaso ng COVID-19 sa buong bansa sa kasalukuyan ay napakababa. Tayo ngayon ay makakapagsimula nang magsagawa ng mga hakbang upang paluwagin ang ilan sa mga paghihigpit na tumulong sa atin na mapigilan ang pagkalat ng virus na ito.

Lagi namang may pagkakaiba kung paano kumalat ang COVID-19 sa mga estado at teritoryo. Ang Pambansang Gabinete (National Cabinet) ay nagkasundo sa isang plano na may tatlong hakbang upang paluwagin ang mga batayang paghihigpit mula ngayon hanggang Hulyo na nagsasaalang-alang dito. Ang plano ay batay sa dalubhansang payo ng Pangunahing Komite sa Pangkalusugang Proteksiyon ng Australya (Australian Health Protection Principal Committee).

Sa ilalim ng plano, ang mga Estado at Teritoryo ay maaaring magsagawa ng mga hakbang sa ibat ibang bilis, depende sa kanilang sitwasyon.

Habang tayo ay kumikilos tungo sa isang ligtas mula sa COVID na Australya, kailangan pa rin nating ugaliin ang pisikal na pagdistansya at tamang kalinisan. Higit sa lahat, mahalaga na ang mga tao ay manatili sa bahay kung sila ay may sakit – kahit na ito ay bahagyang sakit lamang.

Ang COVIDSafe app ay tutulong din na panatilihin ligtas sa COVID ang mga pamilya, mga kaibigan, at mga komunidad.

Ang ating pagtatagumpay sa pananatiling ligtas mula sa COVID habang pinaluluwagan ang mga paghihigpit ay magdedepende sa atin – bilang mga indibidwal – tumatanggap ng responsabilidad at ginagawang bahagi ng ating pang-araw-araw na pamumuhay ang mga pag-aasal na ito. Tuwing aalis kayo ng bahay, isipin kung paano ninyo pananatilihin listas ang sarili, ang pamilya, mga kaibigan, at mga katrabaho.

Ang 3-hakbang na plano ay nagbibigay sa mga Australyano ng higit na katiyakan kung ano ang darating sa mga buwan na papalapit. Para sa bawat pangunahing bahagi ng mga paghihigpit, may tatlong pangunahing hakbang mula kung nasaan tayo ngayon at kung saan natin gustong pumaroon.

Ang unang mga hakbang ay maingat dahil mahalaga na hindi tayo kikilos nang masyadong mabilis na magsasawala ng natamo na natin. Ang ilang mga negosyo ay sisimulang ibukas muli habang tayo ay nagsisimulang pahintulatang magkaroon ng 10 tao na magtipon sa mga bahay at sa komunidad. Ang mga pangunang hakbang na ito ay tutulong magtayong muli ng ating ekonomiya, at bibigyan tayo ng mas maraming pagkakataon na makipag-ugnay sa pamilya at mga kaibigan nang harap-harapan.

Ang pangalawang mga hakbang ay magdadagdag pa rito ng may mas malalaking pagtitipon at mas maraming negosyong ibubukas na muli. Habang ang mga negosyo ay magsasagawa ng mga hakbang upang tiyakin na sila ay ligtas mula sa COVID, tayong lahat ay dapat makaramdam na tayo ay ligtas at matiwalang gawin ang mga bagay na hindi natin nagawa sa nakaraang ilang buwan. Ang ilang mas mapanganib na mga bagay ay hihigpitan pa rin.

Ang pangatlong mga hakbang ay sisimulang lubos na ugaliin sa pangmahabang panahon ang mga pamamaraan ng pamumuhay at pagtatrabaho na ligtas mula sa COVID. Ito ang magiging ‘bagong normal’ natin habang ang virus ay nananatiling isang banta. Ang mga paghihigpit ay mababawasan. Ang pagtitipon ng may hanggang 100 tao, pagbiyahe sa ibang estado, pagsulong ng pangkomunidad na isport, at ang posibilidad na makapaglakbay sa New Zealand, ay pagtitibayin ng mga panlahat na kaugaliang ligtas mula sa COVID. Ang ilang mga paghihigpit, gaya ng paglalakbay sa ibang bansa at malalaking pagtitipon, ay maaaring manatili.

Ang ating progreso ay regular na rerepasuhin ng Pambansang Gabinete upang tayo ay makasulong nang ligtas.

Dapat asahan ng Australya ang pagdami ng mga kaso o posibleng paglitaw muli ng sakit habang ang mga paghihigpit ay niluluwagan. Ang planong ito ay hindi tungkol sa ating pagbabalik sa dating buhay natin bago nangyari ang COVID-19, sa halip ito ay tungkol sa matuto tayong mamuhay nang ligtas mula sa COVID.

Kung gagawin ng bawat isa ang kanyang tungkulin, tayo ay makapagtatayo ng isang ligtas mula sa COVID na Australya, kung saan ang mga buhay at kabuhayan ay protektado.